

Mga Utos na mas matagal...

Ang isang **Temporary Restraining Order (TRO)** ay maaaring magprotektá sa iyo ng 3-4 linggo (hanggang sa iyong susunod na petsa sa korte). Kung iniharap ninyo ang inyong mga porma, at inaprobahan ito ng hukom, kayo ay karaniwang makakatanggap ng isang TRO na inisyu sa loob ng isang araw ng trabaho. Makakahingi ka ng TRO kapag nagharap ka ng mga porma sa korte.

Ang isang **Utos na Pagpigil**, kung minsan ay tinatawag na permanenteng utos, ay maaaring tumagal ng hanggang 3 taon. Upang makakuha nito, kailangan mong pumunta sa korte, at ikaw at ang nang-aabuso ay magkakaroon ng pagkakataon na makipag-usap sa hukom.

Hindi mo kailangang matakot na makita sa korte ang nang-aabuso. Ang komunidad ng hustisya ay magpoprotektá sa iyo. Magagawa naming ikonekta kayo sa isang taong makakasama sa inyo at makakatulong sa inyo na maghanda.

Tawagan kami para sa suporta: 1-800-842-8467

Mga payong pangkaligtasan pagkatapos mong pumunta sa korte

- Magdala ng isang kopya ng iyong utos na pagpigil **kahit kailan**. Gumawa ng mga ekstrang kopya, at magbigay ng isa sa inyong pinagtatrabahuhan, kapitbahay, lokal na pulisya, at paaralan ng anak.
- Palitan ang iyong mga kandado.
- Kausapin ang iyong mga anak tungkol sa iyong planong pangkaligtasan.
- Ibigay sa paaralan ng iyong anak ang mga pangalan ng mga taong pinahihintulatang sunduin ang iyong mga anak.
- Hilingin sa mga kapitbahay na tumawag sa 911 kung makita o marinig nila na nasa malapit ang nang-aabuso.
- Magsama ng isang tao kapag mayroon kang pupuntahan.

Ang mga biktima ng karahasan sa tahanan ay may mga karapatan!

Ang batas ay nagbibigay sa iyo ng maraming karapatan, kabilang ang:

- Proteksiyon para sa iyo, iyong mga anak, at iyong trabaho
- Tulong na tapusin ang kontrata sa upa o renta nang maaga
- Proteksiyon laban sa deportasyon (para sa mga di-nakadokumentong imigrante)
- Tulong upang humingi ng mga utos na kaugnay ng pagiging tagapag-ingat at suporta, kung kailangan mo ng mga ito

Sa California, ang isang espesyal na batas, tinatawag na *Marsy's Law* (*Batas ni Marsy*) ay tumutulong din sa inyo.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa inyong mga karapatan, tawagan ang Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen (Victims of Crime Resource Center): **1-800-VICTIMS (842-8467)**

Mga Karagdagang Tagatulong:

- Victims of Crime Resource Center:
1-800-842-8467
- National Domestic Violence Hotline:
1-800-799-SAFE (7233)
- Love is Respect:
1-866-331-9474
- National Coalition Against Domestic Violence:
1-303-839-1854
- RAINN: National Sexual Assault Hotline:
1-800-656-HOPE (4673)
- Upang makahanap ng mga lokal na kanlungan na kaugnay na karahasan sa tahanan:
domesticshelters.org

Tungkol sa Amin

Ang Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen ay nakakatulong sa libu-libong biktima ng krimen sa buong California mula pa noong 1984. Ang aming mga serbisyo ay **libre**. Alam ng aming mga ekspertong tauhan ang pinakabagong impormasyon sa larangan. Narito kami upang gabayan kayo at sagutin ang anumang mga tanong.

Kami ay nagpapatakbo ng **1-800-VICTIMS** — ang pambuong-estadong walang-bayad na nakahandang linya na nagbibigay ng kompidensiyal na impormasyon at mga pagrekomenda sa mga biktima, sa kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at mga tagapagtaguyod ng biktima. Ang nakahandang linya ay binubuo ng mga estudyante ng batas sa McGeorge at pinangangasiwaan ng mga abugado.



1-800-VICTIMS (842-8467)
TTY: 916-739-7083
www.1800victims.org
1800victims@pacific.edu

Ang pagpopondo ay ginawang posible sa pamamagitan ng Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos (United States Department of Justice), Batas sa mga Biktima ng Krimen, 2015-VA-GX-0058. Ang mga opinyon, napag-alaman, konklusyon, at rekomendasyon na ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa (mga) awtor at hindi nangangahulugang mula sa Cal OES o Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos.

Suporta sa mga Biktima ng Krimeng Karahasan sa Tahanan

Karahasan sa Tahanan



Victims of Crime Resource Center
(Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen)

1-800-VICTIMS (1-800-842-8467)

TTY: 916-739-7083

www.1800VICTIMS.org
1800VICTIMS@pacific.edu

Ano ang karahasan sa tahanan?

Ang karahasan sa tahanan ay isang **krimen**. Hindi mahalaga kung ang nang-aabuso ay iyong asawa, boyfriend, girlfriend, magulang, o ibang taong may malapit na relasyon ka. Labag sa batas na suntukin, sampalin, bugbugin, gahasain, takutin, o saktan ang ibang tao.

Ang karahasan sa tahanan ay nangyayari sa lahat ng mga antas ng ating lipunan. Ang mga nang-aabuso at ang inaabuso ay mga lalaki, babae, at mga bata ng lahat ng mga edad at mga antas na panlipunan-pangkabuhayan at pang-edukasyon. Sila ay nanggagaling sa iba't ibang lahi, relihiyon, at bansa.

Mga Katotohanan:

- 1 sa 4 babae ang magiging biktima ng karahasan sa tahanan sa buong buhay niya.
- 1 sa 3 babae ang napapatay ng isang asawa/partner.
- Ang mga 20 hanggang 24-taong-gulang na babae ay nasa pinakamalaking pangangibang ng karahasan sa tahanan.
- Bawat taon, 3 milyong bata ang nakakakita ng karahasan sa tahanan sa bahay.

Paano ko malalaman kung ako ay isang biktima?

Itanong sa iyong sarili ang mga katanungang ito:

Pisikal na pang-aabuso:

Ikaw ba ay sinabunutan, kinalmot, hinampas, sinipa, sinampal, itinulak, o sinuntok, o sinaktan ng iyong partner sa isang ibang paraan?

Sekswal na pang-aabuso:

Pinilit ka ba ng iyong partner na makipagtalik laban sa iyong kagustuhan? (Ito ay labag sa batas, kahit kayo ay kasal.)

Pang-aabuso sa salita:

Tinawag ka ba ng iyong partner na nakakasakit na tawag, ginawan ng mga pabigkas na banta na sasakyan ka o ang iyong mga anak, o nagbanta ng pagpapakamatay kung iiwan ka?

Pang-aabuso ng damdamin:

Minaliit ka ba ng iyong partner, inihiwalay ka. o hiniya ka sa harap ng ibang mga tao? Ipinadarama ba niya na ikaw ang may kasalanan sa lahat ng mga problema sa inyong relasyon? Nililito ka ba o pinasasama ang iyong damdamin tungkol sa katayuan at anyo mo?

Pinansiyal na pang-aabuso:

Kinokontrol ba ng iyong partner ang iyong pera, mga account sa bangko, mga credit card, o hinahadlangan ka na maging independiyente sa pananalapi? Pinilit ka ba niya na pumirma sa mga dokumento tungkol sa utang o kredito?

Namamalagi ka ba sa inyong relasyon para sa iyong mga anak?

Isipin ito:

- Ang mga batang nakakakita ng karahasan sa tahanan ay nasa mas malaking panganib para sa mararahas na relasyon kapag malaki na sila.
- Ang mga batang lalaki na nakakakita ng karahasan sa tahanan ay dalawang ulit na malamang na abusuhin ang kanilang mga partner at mga anak kapag malaki na sila.
- Sa 30% hanggang 60% na mga tahanan kung saan ang isang asawa o partner ay inaabuso, ang mga anak ay inaabuso rin.

Paano dapat protektahan ang iyong sarili

Gumawa ng isang planong pangkaligtasan. Magagawa nitong protektahan ka laban sa pananakit. Magsimula sa paglalagay sa isang bag ng mga bagay na kakailanganin mo kung mabilis kang aalis. Iwan ang bag sa isang lugar na ligtas na mabilis mong mapupuntahan. O iwan ito sa isang kapitbahay o kamag-anak na pinagkakatiwalaan mo.

Ilagay ang mga bagay na ito sa bag:

- ID, tulad ng pasaporte, sertipiko ng kapanganakan, lisensiya sa pagmamaneho, kard ng social security, mga dokumento ng seguro
- Mga papel na pambatas, tulad ng mga utos na pag-iingat, paghihiwalay, o pagpigil.
- Pera, mga credit card, libro ng tseke, savings bond, foodstamp
- Mga gamot at reseta
- Mga susi sa iyong bahay at kotse
- Mga damit
- Kung ang iyong mga anak ay maaaring umalis na kasama mo, maglagay ng kumot, unan, o laruan na gusto nila sa iyong bag. Ito ay aaliw sa kanila.

Mga bagay na dapat mong gawin ngayon:

- Magbukas ng isang account sa bangko sa iyong pangalan lamang.
- Bumuo ng isang ugnayan ng suporta. Sabihin sa isang pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya, kaibigan, o kapitbahay ang tungkol sa pang-aabuso.
- Alamin kung aling mga kanlungan sa karahasan sa tahanan ang malapit sa iyong lugar.

Ang isang utos na pagpigil sa karahasan sa tahanan (domestic violence restraining order, DVRO) ay makakatulong sa iyo

Makakahingi ka sa hukuman ng isang DVRO upang protektahan ka ang iyong mga anak.

Ang isang DVRO ay makakapag-utos sa nag-aabuso upang:

- Huwag makipag-ugnayan sa iyo, sa iyong mga anak, o ibang mga kamag-anak, o mga taong kasama mo sa bahay
- Manatiling malayo sa iyong bahay, trabaho, at sa mga paaralan ng iyong mga anak
- Umalis sa iyong bahay
- Hindi magkaroon ng baril

Ito ay maaari ring mag-utos sa nang-aabuso na:

- Magbayad ng suporta sa anak o asawa
- Sumunod sa mga utos na pag-iingat at pagbisita sa anak
- Manatiling malayo sa iyong mga paboritong hayop
- Magbayad ng ilang bayarin at magbalik ng ari-arian

Paano ako dapat humiling ng isang DVRO?

Una, kailangan mong magkumpleto ng mga porma upang sabihin sa isang hukom ang tungkol sa mga utos na gusto mo at bakit. Makakakuha ng mga porma online sa:

www.courts.ca.gov/forms.htm?filter=DV

Makakakuha ka rin ng mga porma at tulong upang kumpletuhin ang mga ito mula sa Family Law Facilitator o Self-Help Center ng iyong county. O makipag-ugnayan sa:

- Mga lokal na organisasyon at kanlungan na kaugnay na karahasan sa tahanan, o
- Ang Sentro ng Tulong sa Testigong Biktima (Victim Witness Assistance Center) ng iyong county ay makakapagbigay sa iyo ng mga pagrekomenda para sa tulong sa isang DVRO (Ikaw ay maaari ring protektahan ng isang Utos na Proteksiyong Pangkrimen (Criminal Protective Order) at makakahingi ka ng impormasyon tungkol doon.)

Para sa impormasyon o pagrekomenda sa mga ahensiya na makakatulong sa iyo:

Tawagan kami sa: 1-800-VICTIMS (842-8467)

Bisitahin ang: www.courts.ca.gov/selfhelp-domesticviolence.htm

Paano kung kailangan ko ng proteksiyon NGAYON?

Tumawag sa 911. Maaari kang humingi sa sinumang pulis ng **Pang-emerhensiyang Utos na Nagpoprotekta.**

Ang pulis ay tatawag sa isang hukom, na makakagawa ng utos na protektahan ka na tumatagal ng mga 1 linggo. Ito ay magbibigay sa iyo ng panahon na humingi ng isang utos na mas matagal.